Republic of the Philippines
Department of Education
Region 02
SCHOOLS DIVISION OF ISABELA
Reina Mercedes District
**TUROD INTEGRATED SCHOOL**
Turod, Reina Mercedes, Isabela 3303 School ID: 500076
turodis16@gmail.com

**Ikaapat na Markahang Pagsusulit**
**FILIPINO IV**

PANGALAN: ______________________________________ ISKOR: ____________

BAITANG/SEKSYON: ___________________ PETSA: ____________

**I. Panuto: Piliin ang tamang sagot sa bawat bilang. Itimaan ang inyong sagot.**

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 1. Aling pangungusap ang angkop na gamitin kung may ipakukuha kang gamit sa iyong kaklase?

A. Kuhanin mo nga iyong aklat ko sa mesa.
B. Hanapin mong madali ang aklat ko!
C. Asan na ang ipinakukuha kong aklat sa iyo?
D. Pakikuha mo nga ang aking aklat na nasa mesa.

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 2. Anong pangungusap ang iyong sasabihin sa isang bago mong kamag-aaral?

A. Hoy, sino ka?
B. Ano ang iyong pangalan?
C. Saan ka galling?
D. Bakit ka lumipat ng paaralan?

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 3. Nakakuha ka ng mataas na marka sa pagsusulit, paano mo ito ibabalita sa iyong magulang?

A. Yahoo! Nanay, ako ang pinakamataas sa pagsusulit!
B. Nay, mataas ang aking nakuha sa pagsusulit.
C. Nanay! Nanay! Mataas ang aking marka sa pagsusulit.
D. Mataas ang aking nakuhang marka sa pagsusulit!

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 4. Nasalubong mo ang iyong guro sa loob ng paaralan, ano ang iyong sasabihin?

A. Hello, Ma'am!
B. Magandang umaga po!
C. Ako na po ang magdadala ng inyong gamit.
D. Saan po kayo pupunta?

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 5. Alin ang wastong pangungusap kung may nagtanong sa iyo kung sino ang pambansang bayani natin?

A. Pambansang bayani natin si Dr. Jose Rizal?
B. Pambansang bayani natin si Dr. Jose Rizal!
C. Pambansang bayani natin si Dr. Jose Rizal.

D. Pambansang bayani natin, si Dr. Jose Rizal.

6. Anong bantas ang ginagamit kapag ikaw ay nagtatanong? ______________

II. **Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong pagkatapos.**

**Pangangasiwa ng Basura**

Isa sa mga karapatang dapat tinatamasa ng bawat mamamayan ay ang karapatan sa isang malinis na kapaligiran upang magkaroon ng mabuting kalusugan. Ginagawa mo ba ang tungkulin mong mapangalagaan at mapanatiling malinis ang iyong kapaligiran?

Ano naman kaya ang ginagawa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang karapatan at tungkuling ito ng mamamayan sa kaniyang kapaligiran?

Ang Programa ng *Solid Waste* at ang tamang pangangasiwa nito ay isa sa pinakamabigat na suliranin ng ating pamahalaan. Mabilis ang paglago ng mga industriya, kaalinsabay ang hindi mapigilang pagdami ng populasyon. Ito ang mga dahilan kung kaya't hinaharap natin ngayon ang krisis ng basura sa ating bansa.

Bilang tugon, ipinasa ng Batasang Pambansa ang Ecological Solid Waste Management Act 2000 – isang batas na nagsasaad ng pangkahalatang programa para sa pambansang pangangasiwa ng basura.

Tinutukoy sa batas na ito ang pamamaraan ng pagkontrol, paglipat, pagproseso at pagtapon ng *solid waste* alinsunod sa mga prinsipyo ng pampublikong kalusugan, ekonomiks, *engineering,* pagtitipid, kagandahan ng paligid at iba pang pangkalikasang konsiderasyon.

Kailangang mapag-aralan at planuhin ng bawat pamayanan ang programang naaangkop sa likas na sitwasyon at pangangailangan. Maaaring maging basehan ng pagpili ng tamang solusyon sa basura ang ekonomiya, topograpiya, kultura at mga lokal na yaman.

Upang higit na mapagplanuhan ang programa ng isang pamayanan para sa basura, may anim na tuntuning isinasaalang-alang:

- May yaman sa basura – itinuturo rito ang prinsipyo ng 3Rs-ang *reduce, reuse,* at *recycle*. Kung magagawa ito, maaaring pagkakitaan pa ang mga basura sa ating tahanan.
- Ang bawat pamayanan ay may kani-kaniyang suliranin sa basura at solusyon na angkop sa kaniyang kapaligiran at kakayahan.
- Ang bawat isa ay may pananagutan sa kaniyang basurang nalilikom.
- Ang bawat isa ay may tungkuling pangasiwaan ang kaniyang sariling basura.
- Ang pangangasiwa sa basura ay pangangalaga sa kalikasan.
- Ang lokasyon, ang budget ng bawat pamayanan ay mahalaga sa ikatatagumpay ng programa para sa pangangasiwa ng basura.

ⒶⒷⒸⒹ 7. Tungkol saan ang binasang teksto?

A. malinis na kapaligiran
B. Solid Waste Management Act
C. pangangasiwa ng basura
D. may yaman sa basura

ⒶⒷⒸⒹ 8. Anong batas ang nagsasaad ng pangkalahatang programa para sa pambansang pangangasiwa ng basura?

A. Ecological Solid Waste Management Act 2001
B. Ecological Solid Waste Management Act 2002
C. Ecological Solid Waste Management Act 2003

D. Ecological Solid Waste Management Act 2000

ⒶⒷⒸⒹ 9. Bakit hinaharap ng bansa natin ngayon ang krisis sa basura?

A. Dahil sa paglago ng mga industriya
B. Dahil sa hindi mapigilang pagdami ng populasyon
C. Dahil sa walang pagmamahal ang mga tao sa kalikasan
D. Lahat ng nabanggit

ⒶⒷⒸⒹ 10. Paano tayo makakatulong upang magkaroon ng isaang malinis at ligtas na kapaligiran?

A. Sundin ang prinsipyo ng 3Rs – reduce, reuse, at recycle.
B. Sunugin/sigaan ang mga basura.
C. Itambak/ibaon ang mga basura sa mga lugar na binabaha.
D. Paghahalo- halo ng mga pinaghiwalay na basura.

**III. Bilugan ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit.**

ⒶⒷⒸⒹ 11. Nang dumating ang bagyong Glenda, <u>binayo</u> nang malakas na hangin ang mga kabahayan, puno, maging baybaying dagat.

A. Hinampas  B. sinampal  C. binugbog  D. tinangay

ⒶⒷⒸⒹ 12. “Isa! Dalawa! Tatlo! Tulak! Ahhhhh,” kaalinsabay ang pagsagot ng mga <u>anak-dagat</u> na bumabatak paurong. “Hila!” hanggang madala sa pampang ang Bangka ni Ama.

A. Kargador  B. magbubukid  C. mangangalakal  D. mangingisda

ⒶⒷⒸⒹ 13. Ang ating bansa ay marami ng <u>kalamidad</u> na pinagdaanan.

A. Aksidente  B. panganib  C. sakuna  D. delubyo

ⒶⒷⒸⒹ 14. Ang <u>chloro-flourocarbons</u> ay matatagpuan sa ilang kasangkapan natin sa bahay.

A. natutunaw na kemikal  C. nakasisirang kemikal
B. nakatutulong na kemikal  D. magandang kemikal

IV. **Itiman ang <u>A</u> kung ang pangungusap ay pasalaysay, <u>B</u> kung patanong, <u>C</u> kung pautos o pakiusap at <u>D</u> kung padamdam.**

ⒶⒷⒸⒹ 15. Tumulong ka sa paglilinis ng pamayanan.
ⒶⒷⒸⒹ 16. Paano ka makatutulong sa isang mag-aaral na inaapi?
ⒶⒷⒸⒹ 17. Naku! Napakaraming tao ang sumama sa rally.
ⒶⒷⒸⒹ 18. Nagkaisa ang lahat sa pagtatanim sa kagubatan.
ⒶⒷⒸⒹ 19. Pumili kayo ng magaling na pinuno ng bayan.
20. Gumawa ng pangungusap na pautos. ________________________________

**V. Pagsunudsunurin ang mga pangyayari upang makabuo ng magandang kwento.**

ⒶⒷⒸⒹ 21.

a. Nagluto ng masasarap na pagkain ang nanay niya.
b. Masayang-masayang nag-uwian ang mga panauhin.
c. Kaarawan ni Mina ngayon.
d. Nagsidating ang kanyang mga kaibigan.
e. Nagsayawan at naglaro sila bago kumain.

A. a-b-c-d-e  B. b-d-e-a-c  C. c-a-d-e-b  D. c-d-a-b-d

ⒶⒷⒸⒹ 22.

a. Tinawag siya ng nanay niya para kumain.
b. Pinagalitan siya ng kanyang nanay.
c. Dumating si Alma mula sa paaralan.
d. Hindi niya gusto ang kanilang ulam.
e. Pilit na inubos ni Alma ang kanyang pagkain.

A. a-c-d-b-e  B. b-d-c-a-e  C. d-a-c-b-e  D. c-a-d-b-e

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 23.

a. Pinarusahan ng diwata ang dalaga.
b. Sumama si Sylvia sa kanyang kaibigan sa lalawigan.
c. Namasyal sila sa gubat.
d. Sinigawan niya ang pulubi.
e. Humingi ng kaunting tubig ang isang pulubi kay Sylvia.

A. b-c-e-d-a  b. a-b-d-c-e  c. e-d-a-c-b  d. b-c-a-e-d

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 24.

a. Masaya akong bumangon kaninang umaga.
b. Agad kong iniligpit ang aking higaan.
c. Kumain ako ng almusal.
d. Nagdasal ako ng taimtim sa Diyos.
e. Inihatid ako ni Tatay sa eskwela.

A. a-b-c-e-d  B. a-c-b-e-d  C. a-d-b-c-e  D. a-b-d-c-e

VI. Tukuyin kung **opinyon o katotohanan** ang pahayag.

_________ 25. Nakabangong muli ang lahat ng naging biktima ng bagyong Yolanda.
_________ 26. Nasukat ang katatagan ng mga Pilipino nang dumating ang bagyong Yolanda.
_________ 27. Pinakamalakas ang bagyong Yolanda sa lahat ng bagyong dumaan sa ating bansa.
_________ 28. Malawak ang naging epekto ng bagyong Yolanda.
_________ 29. Hindi pinatawad ng bagyong Yolanda maging mayaman man o mahirap at bata man o matanda sa kaniyang pananalanta.

30. Gumawa ng pangungusap na nagpapahayag ng katotohanan.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**VII. Tukuyin kung ang lipon ng mga salitang may salungguhit ay tumutukoy sa SANHI o BUNGA.**

31. Hindi pumasok sa paaralan si Charity <u>sapagkat mataas ang kanyang lagnat</u>.
32. <u>Matindi ang sikat ng araw</u> kaya hindi naglaro ang mga mag-aaral sa palaruan.
33. <u>Nagmamadali siyang lumabas ng bahay</u> para hindi mahuli sa pagpasok sa paaralan.
34. <u>Dahil basa ang sahig sa kantina</u>, nadulas at nasaktan si Theo.
35. Nagtuturo ang guro <u>kaya nakikinig ang mga mag-aaral</u>.
36. Ang bata ay nabasa ng ulan <u>kaya siya ay nagkasakit.</u>

**VII. Sundin ang bawat panuto sa bawat bilang.**

37. Isulat ang iyong pangalan sa itaas at kaliwang bahagi ng iyong papel.

38. Maglagay ng bilang na isa hanggang sampu sa iyong papel pababa.

39. Gumuhit ng bituin sa gitna ng papel at isulat ang pangalan ng taong iyong hinahangaan.

40. Gumuhit ng parisukat sa ibaba ng bituin sa gitna ng iyong papel.

Inihanda ni:

RUTH L. CASIL
T-1

NOTED:

WYNE G. ASUNCION
TIC/ HT1

**File Submitted by DepEd Club Member – depedclub.com**

Republic of the Philippines
Department of Education
Region 02
SCHOOLS DIVISION OF ISABELA
Reina Mercedes District
**TUROD INTEGRATED SCHOOL**
Turod, Reina Mercedes, Isabela 3303 School ID: 500076
turodis16@gmail.com

# TALAHANAYANG ESPISIPIKASYONG SA FILIPINO IV

Ikaapat na Markahang Pagsusulit
SY 2018 – 2019

| Pamantayan sa Pagkatuto | Bilang ng Araw | % | Kinalalagyan | DOMAINS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | R | U | A | A | E | C |
| 1. Nagagamit ang iba't-ibang uri ng pangungusap sa pakikipagtalastasan. **F4WG – IVb –e – 13.2** | 9 | 15 | 1,2,3 4,5, 6 | 2 (2,4) | | 1 (6) | 2 (1, 5) | 1 (3) | |
| 2. Nasasagot at mga tanong sa binasang teksto. **F4PB – IVb – c – 3.2.1** | 6 | 10 | 7,8,9, 10 | 1 (8) | 1 (7) | 1 (9) | 1 (10) | | |
| 3. Naibibigay ang kahulugan ng mga salita. **F4PT – Ib – 1.12** | 6 | 10 | 11,12,13 14 | 3 (12, 13, 14) | 1 (11) | | | | |
| 4. Natutukoy ang uri ng pangungusap na ginamit. **F4WG – IVc – g – 13.3** | 9 | 15 | 15,16,17 18,19,20 | 2 (17, 18) | | 2 (15, 19) | 1 (16) | | 1 (20) |
| 5. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari. **F4PB – IVa – 5** | 6 | 10 | 21,22,23 24 | | | | | 4 (21, 22, 23, 24) | |
| 6. Natutukoy ang opinyon at katotohanan sa bawat pahayag. **F4PB – IVd – 19** | 9 | 15 | 25,26,27 28,29,30 | 5 (25,26, 27, 28, 29) | | | | | 1 (30) |
| 7. Natutukoy ang sanhi at bunga sa bawat pangungusap. **F4PB – IIdi – 6.1** | 9 | 15 | 31,32,33 34,35,36 | 6 (31,32, 33, 34, 35, 36}) | | | | | |
| 8. Nakasusunod sa panuto o mga hakbang ng isang gawain. **F4PN – IVa – 1.1** | 6 | 10 | 37,38,39 40 | | | 1 (37) | 1 (38) | | 2 (39,40) |
| **KABUUAN** | **60** | **100%** | **40** | **19** | **2** | **5** | **5** | **5** | **4** |

Inihanda ni:

RUTH L. CASIL
T-1

NOTED:

WYNE G. ASUNCION
TIC/ HT